1

# MTB - MLE

## Unang Markahan- Modyul 12: Pangkatang Pagbigkas at Pag-awit ng mga Kilalang Tugma at Awitin




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE - Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan - Modyul 12: Pangkatang Pagbigkas at Pag-awit ng mga Kilalang Tugma at Awitin**
**Unang Edisyon 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Mga Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Evelyn T. Peredo, Andrea G. Antonio
**Editor:** Maria Geraldine G. Lastra – Bermudez, Jun-Jun R. Ramos
**Tagasuri:** Jessie M. Agcaoili/Dysebelle M. Viloria, Mark-Jhon R. Prestoza
**Tagalapat:** Jessie M. Agcaoili, Michael Jun T. Agcaoili
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
James D. Pamittan
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Marietess B. Baquiran
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra - Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# MTB - MLE

## Unang Markahan- Modyul 12: Pangkatang Pagbigkas at Pag-awit ng mga Kilalang Tugma at Awitin

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Alamin

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda at isinulat para malinang ang iyong kakayahan at mabigyan ka ng magandang pagkakataon upang maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang **Mother Tongue** sa unang baitang. Dito matututuhan mo ang pangkatang pagbigkas at pag-awit ng mga kilalang tugma at awitin at tamang pagsulat at pagbigkas ng titik k.

Sa pagtatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahang;

- makabigkas at makaawit ng mga kilalang tugma at awitin nang pangkatan at
- makabuo ng mga salitang nagsisimula sa titik K.

## Subukin

Buuin ang mga ginulong letra upang mabuo ang mga salitang angkop sa mga larawan.

1.




tepoka -__________________

2.



pakamna -_________________

3.



mokate -_________________

4.



bakalasa -_________________

5.



sarakut - _______________

# Balikan

**A.** Kantahin nang masigla ang "Kumusta Ka!".

*Kumusta ka!*
Kumusta ka, halina't magsaya.
Pumalakpak, pumalakpak ituro ang paa.
Ipadyak sa kanan, padyak sa kaliwa.
Umikot ka, umikot ka, humanap ng iba.

**B.** Punan ang mga patlang ng tamang sagot sa tulong ng tagapag-alaga. Isulat sa papel ang iyong sagot.

Ako si ____________________. Ako ay ________ taong gulang. Nakatira ako sa _____________________________.

Nakapunta na ako sa __________________________ at sumakay kami ng _________________________________. Kasama ko si / sina _________________________________.

# Tuklasin

Nakakita ka na ba ng kalesa? Nais mo bang sumakay dito? Pakinggan ang kuwento na ibabasa ng iyong tagapag-alaga at sagutin ang mga tanong.

## Salamat sa Kalesa

*Emmabile L. Maranan*

Kutsero si Mang Kardo. Inihanda niya ang kanyang kalesa. Nakita nina Kiko, Kikay at Keysi si Mang Kardo na sakay ng kanyang kalesa. Pinagtawanan nila ang kalesa. Mabagal ang kalesa. Niyaya silang sumakay sa kalesa ni Mang Kardo. Nagtawanan ang mga bata. Tumanggi silang sumakay sa kalesa. Uwian na. Biglang bumuhos ang malakas na ulan. Basang-basa ang mga bata.

Dumaan si Mang Kardo. Napilitang sumakay sina Kiko, Kikay at Keysi sa kalesa.

"Salamat sa kalesa", wika nina Kiko, Kikay at Keysi.

Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Sino ang kutsero sa kuwento?

2. Sino-sino ang mga bata sa kwento?

3. Ano ang ginawa ng mga bata nang yayain sila ni Mang Kardo na sumakay sa kalesa?

4. Bakit nagpasalamat ang mga bata kay Mang Kardo?

5. Marunong ka bang magpasalamat sa iyong mga magulang sa lahat ng kanilang ginawa para sa iyo? Bakit dapat tayong magpasalamat?

## Suriin

Basahin ang mga sumusunod na salitang hango sa kuwento at pansinin ang unang titik ng mga ito.


| | | | |
|---|---|---|---|
| kalesa | kutsero | Kardo | Kiko |
| | Kikay | Keysi | |


Ano ang pagkakatulad ng mga ito? Kung iyong papansinin, ang mga salita ay pare-parehong nag-uumpisa sa titik K.

Ito ang maliit at malaking titik K. Ang tunog ng titik na ito ay “kuh”.


Kk

Ito ang tamang hagod upang maisulat ang malaki at maliit na titik k sa papel.





Subukan mong isulat ang malaki at maliit na titik k sa hangin habang binabanggit ang tunog nitong "kuh".



## *Pagyamanin*

Bigkasin ang mga sumusunod kasama ng tagapag-alaga at isulat nang maayos sa sagutang papel ang mga salitang nag-uumpisa sa titik k

1. Kumain ka ng kamatis
   Pampakinis ng kutis

2. Ulan, ulan, pantay kawayan
   Bagyo, bagyo, pantay kabayo

3. Kalesa, kalesa, nasaan ka na?
   Sasakay na kami ni Ina

4. Nasa sala si Kayra
   May dalang kutsinta


## Isaisip


Ang bigkas ng titik k ay “kuh”. Kung ang tanging ngalan ng tao, bagay o lugar ay nag-uumpisa sa titik k, isinusulat natin ito sa malaking titik katulad ng Kardo, Kulas at Karen. Maliit na titik k naman ang ginagamit sa mga karaniwang ngalan katulad ng kaibigan, kalabaw, kusinera


Samantala, sa pagbigkas ng tugma o pag-awit ng awitin nang pangkatan ay mahalagang bigkasin ang bawat linya na may katamtaman ang bagal o bilis upang makasabay sa nga kapangkat.

## Isagawa


Pag-aralan ang mga larawan. Iguhit sa sagutang papel ang mga larawang nagsisimula sa titik / k/ at isulat ang pangalan nito.










# Kk









## *Tayahin*

A. Bigkasin nang malakas ang mga salitang nagsisimula sa /Kk/ at isulat nang maayos sa sagutang papel.

1. Kama - ______________________
2. Keso - ______________________
3. Kahon- ______________________
4. Karla- ______________________
5. Kikay- ______________________

B. Kantahin ito kasama ng iyong tagapag-alaga o lapatan ng galaw kung kinakailangan at nanaisin.

**Tong tong tong**
**Pakitong kitong**
**Alimango sa dagat**
**Malaki at masarap**
**Mahirap mahuli**
**Sapagka't nangangagat**

Sukatan ng kakayahan sa pag-awit

| Pamantayan | Iskor |
|---|---|
| Malinaw ang pagkabigkas ng mga salita, angkop ang tono at nakakasabay sa mga kasama. | 5 |

| | |
|---|---|
| May pagkakataong hindi tama ang pagkakabigkas ng mga salita at titik awit | 4 |
| Madalas na hindi tama ang pagkakabigkas ng mga salita at titik ng awit. | 3 |
| Kinakailangan pang pagbutihin ang pagbigkas ng bawat salita at titik ng awit | 2 |
| Hindi  nakapagsagawa | 1 |

## *Karagdagang Gawain*

Magbigay ng limang bagay na nakikita sa paligid na ang pangalan ay nagsisimula sa titik /Kk/. Isulat ito sa sagutang papel.

1.

2.

3.

4.

5.

## Susi sa Pagwawasto

Suriin

kapote
kampana
kamote
kalabasa
kutsara

Tuklasin

Mang Kardo
Kiko, Kikay, Keysi
Pinagtawanan nila si Mang Kardo
Nagpasalamat sila dahil pinasakay sila sa kalesa
Sariling sagot

Pagyamanin

Kumain, kamatis , kutis
kawayan kabayo
kalesa kami
Kayra kutsinta

Isagawa

Kabibe, karot,kanin,kahon,kalabaw

Tayahin

A. 1. kama 2. keso 3. kahon 4. Karla 5. Kikay

B. Tingnan ang sukatan ng kakayahan sa pag-awit

Karagdagang Gawain

(kanya kanyang sagot)

# *Sanggunian*


Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

TEACHMOMSY for the children's rhymes and songs

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**
Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)
Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph